## Mahahalagang Serbisyong Pangkalusugan ng Medi-Cal

# para sa Mga Batang Wala Pang 1 Taong Gulang

San Francisco Health Plan[SM]

Nakakatulong ang mga regular na check-up para manatiling malusog at hindi magkasakit ang iyong anak. Ang mga check-up na ito ay tinatawag na **mga pagpapatingin ng batang walang sakit.** Sa Medi-Cal, makakakuha ang iyong sanggol ng mga pagpapatingin ng batang walang sakit nang libre.



## Makakatulong ang doktor ng iyong anak.

Tawagan ang provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ng iyong sanggol para magpaiskedyul ng pagpapatingin ng batang walang sakit. Ang PCP ay iyong personal na doktor kung kailangan mo ng check-up, gusto mo ng payo tungkol sa problema sa kalusugan, o nagkasakit o nasaktan ka.

Maaari ding sabihin sa iyo ng PCP kung kailangan ng iyong anak ng mga bakuna (mga iniksyon). Pinipigilan ng mga bakuna na magkaroon ng malubhang sakit ang iyong anak. Pinoprotektahan din nito ang ibang tao sa paligid mo na magkasakit. Maaaring kailangan ng iyong anak ng ilang partikular na bakuna para pumasok sa day care o pre-school.

Sa pagpapatingin ng batang walang sakit, titingnan ng PCP ang timbang ng iyong anak at kung kumusta ang kanyang paglaki. Maaari din niyang suriin kung may mga problema sa **paningin, pandinig, pagkain,** o kung kumusta ang kanyang **pag-unlad.**

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong anak, magtanong sa PCP.

## Kasama sa Mga Iminumungkahing Bakuna para sa Mga Batang Wala Pang 1 Taong Gulang ang:

- **Rotavirus (RV)** na pumipigil sa malubhang pagtatae (malambot at matubig na dumi)
- **Hepatitis B (HepB)** na pumipigil sa sakit at kanser sa atay na nauugnay sa HepB virus
- **Diphtheria (DTaP)** na pumipigil sa mga problema sa paghinga, pamumulikat ng kalamnan, whooping cough
- **Hemophilic Influenza type B (Hib)** na pumipigil sa meningitis (impeksyon sa utak), pulmonya (impeksyon sa baga), impeksyon sa dugo
- **Pneumococcal (PCV)** na pumipigil sa pulmonya (impeksyon sa baga), meningitis (impeksyon sa utak)
- **Polio (IPV)** na pumipigil sa pagkaparalisa at mga kapansanan sa kalamnan
- **COVID-19** na pumipigil sa sakit na dulot ng Coronavirus
- **Influenza (flu)** na nagpoprotekta laban sa malubhang sakit na dulot ng trangkaso (isang respiratory virus)
- **Measles (MMR)** na pumipigil sa pulmonya (impeksyon sa baga), pagkabingi, pinsala sa utak
- **Chickenpox (VAR)** na pumipigil sa mga sugat, impeksyon sa balat, pinsala sa ugat, kawalan ng paningin
- **Hepatitis A (HepA)** na pumipigil sa lagnat, pagkapagod, pagtatae (malambot at matubig na dumi)



**Kung may hindi naibigay na bakuna sa iyong anak, hindi ninyo kailangang magsimula ulit. Tawagan kaagad ang iyong PCP upang magpaiskedyul ng "pahabol" na pagbisita o upang magtanong.**

**Maaari ka ring makakuha ng masasakyan papunta sa mga well-child visit nang libre. Para humiling ng masasakyan, tawagan ang Modivcare sa 1(855) 251-7098, Lunes–Biyernes, mula 8:30am–5:30pm.**

001756TL 1125